

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Angkop na Pangatnig

Kakayahan: Nagagamit ang angkop na pangatnig upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang pangatnig na bubuo sa pangungusap.

1. Aling kamiseta ang isusuot mo, ang puti _____ ang asul?
2. Mahusay gumuhit _____ magpinta si Tom.
3. Maganda nga ang dalaga _____ masungit naman siya.
4. Nais niyang makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit _____ nag-aaral siya gabi-gabi.
5. Mag-iipon ako ng pera _____ makabili ako ng mga bagong aklat para sa pasukan.
6. Kumakanta ang babae _____ pinapaliguan niya ang kanyang sanggol.
7. Sasama ako sa inyo manood ng sine _____ papayagan ako ng aking mga magulang.
8. Gusto ni Ben matutong lumangoy _____ natatakot siya sa malalakas na alon ng dagat.
9. Maliligo ka na ba _____ magsisipilyo ka muna?
10. Bibisitahin natin si Lola sa Sabado _____ ipagdiriwang natin ang kanyang ika-siyamnapu't na kaarawan.
11. Magtitimpla ako ng kape para kay Tatay _____ walang mainit na tubig.
12. Maputi ang kanyang kutis _____ singkit ang kanyang mga mata.
13. Pupunta lang ako sa *party* _____ sasama ka sa akin.
14. Tumigil ang mga sasakyan _____ makatawid ang mga tao sa lansangan.
15. Itinaas ni Mary ang kanyang kamay _____ alam niya ang sagot sa tanong ng guro.